COMMANDING GENERAL
PHILIPPINE ARMY
Fort Andres Bonifacio, Metro Manila

MENSAHE

Sa araw na ito, malugod nating ipinagdiriwang ang ika-110ng taon ng pagkakatatag ng Hukbong Katihan ng Pilipinas. Nais kong ibahagi ang aking taos-pusong pagbati at pagpupugay sa inyo, mga kapwa pinuno, tapat na kawal at sibilyang kawani ng ating institusyon.

Ang ating paksang diwa sa taong ito ay ***"Hukbong Katihan ng Pilipinas: Tapat na Panunungkulan para sa Diyos, Bansa at Kapwa".*** Isinasalamin nito ang patuloy na pagkilala at pagsulong ng ating mga dakilang adhikain isandaan at sampung taon na ang nakalipas hanggang ngayon. Ang walang-pagod nating pagsisikap ay nagbunga ng maraming tagumpay na siya namang patuloy na nagiging dahilan upang lalo pa tayong lumago bilang isang organisasyon.

Bagama't patuloy tayong nahaharap sa mga pagsubok at hamon ng panahon, nanatili tayong tapat at matatag. Pinagsisikapan nating pahalagahan ang ating kasaysayan sa pamamagitan ng pagsasabuhay at pagpapalaon sa mga simulain ng ating mga dakilang bayani. Walang humpay din ang pagtupad ng ating mga tungkulin para sa bayan at sa kapwa Pilipino.

Tayo ngayon ay sumusulong tungo sa makabuluhang pagbabago sa ating hukbo. Lalo nating pinaiigting ang ating mga kampanya laban sa mga kaaway ng Republika lalo na ang rebelyon at banta ng terorismo. Ito ngayon ang ating pangunahing hamon. Ito ang pinakamahalagang hakbang at kontribusyon ng Sandatahang Lakas para sa pagsulong ng tunay na kaunlaran. Sa ating mga ginagawang paghahanda, tiyak kong makakamit natin ang tagumpay sa lalong madaling panahon.

Manatili tayong tapat sa ating misyon at sa itinadhana ng batas at ng ating tungkulin sa bawa't pakikibaka natin. Patuloy tayong magsilbing magandang halimbawa ng pamumuno sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga karapatan ng ating kapwa.

Sa patnubay ng Maykapal, gawin natin ang ating bahagi bilang mga tapat at naninindigang mga kawal Pilipino. Kumilos tayo bilang isang nagkakaisang hukbo. Manatili tayong tapat sa ating sinumpaang tungkuling pangalagaan ang ating kasarinlan, pagtatanggol ng Republika at pakikilahok sa mga simulain tungo sa pagkakaisa, kapayapaan, at kaunlaran.

Mabuhay ang Hukbong Katihan ng Pilipinas! Mabuhay tayong lahat!

ROMEO P TOLENTINO
Tenyente Heneral SLP